APPLICATION

- Natanggap mo na ba si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Kung hindi pa, nais mo bang sumunod at magtiwala sa Kanya simula ngayon?
- Paano ka lalago sa pagkakaunawa mo sa ebanghelyo at sa ginawa ni Jesus para sa iyo sa krus? Maglalaan ka ba ng panahon upang basahin ang Ebanghelyo ng Juan ngayong linggong ito?
- Ngayong alam mo na kung ano ang ginawa ni Jesus para sa iyo sa krus, paano ka dapat tumugon at mamuhay? Kilalanin ang isang bagay na kailangan mong gawin sa ibang pamamaraan simula ngayon.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kaligtasang ibinigay niya sa iyo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pagkaunawa sa ginawa ni Jesus sa krus para sa iyo, at na magawa mong mamuhay araw-araw ng mas may seguridad at lakas ng loob.
- Mamagitan para sa mga miyembro ng iyong pamilya at ang iyong mga kaibigan na hindi pa tumatanggap kay Cristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maibahagi ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo.
- Ihayag ang Pagkapanginoon at Dakilang Kapangyarihan ni Kristo sa iyong buhay, pamilya, iglesya, bayan, at sa buong mundo.

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

Ginawang Alak ni Jesus ang Tubig

NOTES

WARM-UP

- Ano ang paborito mong *subject* sa eskuwelahan? Bakit ito ang paborito mo?
- Ikuwento ang isa sa hindi malilimutang pagdiriwang na napuntahan mo. Ano ang nagustuhan mo sa pagdiriwang na ito?
- Ibahagi ang isang pagkakataon na natulungan ka ng isa sa mga mahal mo sa buhay sa panahon ng pangangailangan. Ano ang ginawa niya?

WORD *Ang nangyaring ito sa Cana, Galilea ay ang unang himala na ginawa ni Jesus. Sa ginawa niyang ito, ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan, at sumampalataya sa kanya ang mga tagasunod niya.* **JUAN 2:11**

(Basahin din ang **JUAN 2:1-10.**)

Isinalaysay sa aklat ni Juan ang pitong katunayan na nagpapatotoo sa kung sino si Jesus, at kung ano ang Kanyang pakay dito: na Siya si Cristo, ang Anak ng Diyos, at na sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya, magkakaroon tayo ng buhay sa Kanyang pangalan. Ang una sa mga himalang ito ay nakatala sa Juan 2, kung saan ginawa Niyang alak ang tubig. Sa araling ito, matututunan natin kung paano isinalarawan ng kuwentong ito ang ebanghelyo.

1 Suliranin

[2]Inimbita rin si Jesus at ang mga tagasunod niya. [3]Nang maubos ang alak sa handaan, sinabi ng ina ni Jesus sa kanya, "Naubusan sila ng alak." **JUAN 2:2,3**

Si Jesus, ang Kanyang inang si Maria, at ang Kanyang mga disipulo ay nasa isang kasalan nang magkaroon ng problema. Naubos ang alak sa handaan. Katulad nito, tayo, bilang mga tao, ay nahaharap sa mga sitwasyon kung saan nakikita natin na tayo ay may limitasyon. Dahil sa kasalanan, hindi natin kayang tapatan ang pamantayan ng Diyos, at kung hindi dahil kay Jesus, habang-buhay na tayong mahihiwalay sa Kanya. Bago mo nakilala si Cristo, paano mo sinubukang mapalapit sa Diyos? Ano ang nangyari?

2 Solusyon

[7]Sinabi ni Jesus sa mga katulong, "Punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan." At pinuno nga nila ang mga ito. [8]Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumalok kayo at dalhin sa namamahala ng handaan." Sumalok nga sila at dinala sa namamahala. . . . [10]"Karaniwan, ang pinakamainam na alak muna ang inihahanda, at kapag marami nang nainom ang mga tao, saka naman inilalabas ang ordinaryong alak. Pero iba ka, dahil ngayon mo lang inilabas ang espesyal na alak." **JUAN 2:7,8,10**

Si Jesus ang nagbigay solusyon hindi lamang para sa paglalaan ng alak sa handaan, kundi maging sa kawalan natin ng kakayahan na iligtas ang ating mga sarili mula sa kasalanan. Ipinakita Niya ito sa pagkamatay niya sa krus alang alang sa atin. Kung tayo ang masusunod, ang mayroon tayo at ang iniaalok ng mundo ay siguradong iiwanan tayong walang saysay at walang kasiyahan. Subalit, ang kagalakan na mayroon tayo kay Jesus ay laging bago, at lagi Niya tayong pinupuno hanggang sa tayo ay mag-umapaw. Siya lamang ang maaaring makapagdala ng kagalakan sa oras ng kalungkutan, kapayapaan sa oras ng pagkabahala, at kabuuan sa oras ng pagkasira. Ibahagi kung paano ka dinala ng Diyos mula sa buhay na makasalanan tungo sa kalayaan, buhay, at kagalakan.

3 Kaligtasan

Ang nangyaring ito sa Cana, Galilea ay ang unang himala na ginawa ni Jesus. Sa ginawa niyang ito, ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan, at sumampalataya sa kanya ang mga tagasunod niya. **JUAN 2:11**

Ang pagkilala sa kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa Niya para sa atin sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ay dapat magbunga ng pananampalataya sa Kanya para sa ating kaligtasan. Ang tamang tugon sa pagkaka-unawa at paniniwala sa ebanghelyo ay ang pagsamba sa Kanya, pagpupuri sa Kanya, at pamumuhay para sa Kanya. Paano naging katibayan ang unang himala na isinulat ni Juan? Ano ang pinatunayan nito?